## Kuwento 2 : Ang kapanganakan ni Jesus

Talata sa Bibliya [Mateo 1:23 ]

"Narito, ang birhen ay maglilihi at manganganak ng isang lalake, at tatawagin nila ang kaniyang pangalan na Immanuel." Ibig sabihin, "Ang Diyos ay sumasa atin."

Maraming taon na ang nakalilipas, si Maria ay naninirahan sa isang bayang tinatawag na Nazareth sa Israel.
Si Maria ay nakatakdang magpakasal kay Jose, isang karpentero na may mabuting puso.
Noong panahong iyon, ang Israel ay pinamumunuan ng Haring Herod na hindi naniniwala sa Diyos.
Ang mga israelita ay nakakaranas ng mahirap na buhay na malayo sa Panginoon. Isang gabi, habang natutulog si Maria, isang anghel na nagngangalang Gabriel ang nagpakita sa kaniya. "Huwag kang matakot Maria, sapagkat nakasumpong ka ng biyaya ng Diyos.
Narito, ikaw ay magdadalang-tao at manganganak ng isang lalaki. At ang ipapangalan mo sa kaniya ay Hesus.
Siya ay magiging dakila at tatawagin siyang Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kaniya ng Panginoong Diyos ang trono ni David na kaniyang ninuno."
Sinabi ni Maria, "Ngunit hindi pa ako nagpapakasal sa isang lalaki, paano ako magdadalang tao?"
Nagsalitang muli ang anghel na si Gabriel. Darating sa iyo ang Banal na Espiritu, at ang kapangyarihan ng Kataas-taasan ang lililim sa iyo.
Dahil dito, ang banal na ito na iyong ipapanganak ay tatawaging Anak ng Diyos.
Noong panahong iyon, ang pagkakaroon ng anak ng hindi pa naikakasal ay nakakabahala sapagkat maari siyang batuhin hanggang sa mamatay.
Gayundin naman, maari siyang iwanan ni Jose na nakatakdang ikasal sa kaniya. Ngunit sa kabila ng mga ito, nagtiwala si Maria sa Diyos at siya ay Nagpuri at nagpasalamat sa Kaniya. Si Jose na nakatakdang magpakasal kay Maria ay isang matuwid at mabuting tao.
Ngunit ang balitang magkakaanak na si Maria ay talagang nagpabigla sa kaniya.
Napagdesisyonan ni Jose na hindi na siya magpapakasal kay Maria. Isang araw, isang anghel ang nagpakita sa kaniyang panaginip.
"Jose, anak ni David! Huwag kang matakot na maging asawa si Maria sapagkat siya ay nagdalawang tao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Siya ay manganganak ng isang batang lalaki at siya ay papangalanan ninyong Hesus, sapagkay siya ang magliligtas sa mga tao sa kasalanan."
Matapos marinig ang tinuran ng anghel, pinakasalan na ni Jose si Maria gaya ng ipinangako.
Matapos ang ilang buwan, dinala ni Jose si Maria na nagdadalang tao na sa Bethlehem sapagkat iniutos ng kanilang Romanong Emperador na sila ay bumalik sa kanilang mga lugar para sa isang sensus. Walang mahanap na lugar na matutulyan sina Jose at Maria dahil sa dami ng mga tao.
Dahil walang mahanap na matutuluyan, sila ay nagpahinga sa isang sabsaban kung saan kumakain at natutulog ang mga kabayo.
Nang gabing iyon, ipinanganak ang sanggol na si Hesus. Siya ay si Hesukristo, ang anak ng Diyos na magliligtas sa sangkatauhan sa kanilang mga kasalanan.



## Gawain 1. Gawain 1. Lagyan ng "X" ang tamang sagot.

a. Ano ang sinabi ng anghel kay Maria?

- [ ] Sasali ka sa digmaan.
- [ ] Kikita ka ng malaking pera.
- [ ] Ikaw ay maglilihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at manganganak ng isang bata.
- [ ] Maraming bata ang bibisita sa iyo.

b. Ano ang ibig sabihin ng Immanuel?

- [ ] Hukbo ng diyos.
- [ ] Kasama natin ang diyos.
- [ ] Hindi natin kasama ang diyos.
- [ ] Lahat ito ay tamang sagot.

c. Basahin ang Lucas 1:26-38 at sagutan: Sino ang ninuno ni Jesus?

---

- **Basahin at Isaulo ang mga talata ng Bibliya. (Mateo 1:23)**

**Narito, ang birhen ay maglilihi at manganganak ng isang lalake, at tatawagin nila ang kaniyang pangalan na Emmanuel, na ang ibig sabihin ay, Ang Diyos ay sumasa atin.**

**Gawain 2.** Kulayan at Isulat and kwento ng kapangankan ni Jesus at Ilagay Ito sa libro.

## Ang Kapanganakan ni

# Jesus







